**Mga kasalukuyan at pinaplanong hakbang ukol sa pagsusulong ng pagkakapantay-pantay ng lahi**

**Kalihiman ng Komite para sa mga Gawad ng Pamantasan (*University Grants Committee Secretariat*)**

Ang Komite para sa mga Gawad ng Pamantasan (*University Grants Committee* - UGC) ay isang entidad na hindi nakapailalim sa batas na nagpapayo sa Espesyal na Pang-administratibong Pamahalaan ng Rehiyon ng Hong Kong (Hong Kong *Special Administrative Region Government*) ng patungkol sa pagpopondo para sa estratehikong pagpapaunlad ng mas mataas na edukasyon sa Hong Kong. Sa ganitong ginagampanang papel, ang Kalihiman (*Secretariat*) ng UGC ay nakikipagtulungan sa mga Pamantasan, sa Administrasyon at sa Komunidad upang maisulong ang sektor ng mas mataas na edukasyon, na ang pananaw ay ang maitatag ang Hong Kong bilang sentro ng edukasyon sa rehiyon at para sa pangangalaga ng mga tao na may mataas na kalidad upang maisulong ang pang-ekonomiya at pang-lipunang pag-unlad ng Hong Kong. Nagbibigay ang Kalihiman ng UGC ng napakalaking pagpapahalaga sa pagtitiyak nang pantay-pantay na akses sa impormasyon para sa lahat ng mga miyembro ng publiko, maging anupaman ang kanilang lahing pinagmulan.

| | |
|---|---|
| Mga Kinauukulang Serbisyo | • Ang UGC ay nagbibigay ng mga serbisyong pagpapayo at suporta sa Espesyal na Pang-administratibong Pamahalaan ng Rehiyon ng Hong Kong (Hong Kong *Special Administrative Region Government*) at sa mga pamantasang pinopondohan ng UGC kaugnay ng pagpopondo at estratehikong pagpapaunlad ng mas mataas na edukasyon sa Hong Kong. |
| Mga Kasalukuyang Hakbang | • Magkakaroon ng serbisyong pagsasaling-wika para sa pag-aasikaso ng mga tanong ng mga tao mula sa iba't ibang lahi.<br>• Ang mga kawani na naglilingkod sa mesang dulugan ay may kaalaman sa mga patakaran ng serbisyo kaugnay ng wika pati na ang patungkol sa mga inilatag na pamamaraan sa trabaho sa pagpapakilala ng mga serbisyong pang-wika na magagamit ng mga bisitang mangangailangan nito. |

| | | |
|---|---|---|
| Pagtatasa ng Trabaho sa Hinaharap | • | Patuloy na pag-aaralang muli ng Kalihiman ng UGC ang aming mga serbisyo sa pana-panahon, nang may pagsasaalang-alang sa pagtugon sa mga pangangailangan ng mga tao na may iba't ibang lahi. |
| | • | Ang mga puna / mungkahi mula sa mga kawani at mula sa mga miyembro ng publiko ay patuloy na isasaalang-alang para sa tuloy-tuloy na pagpapahusay ng mga serbisyong ibinibigay. |
| | • | Para sa tuloy-tuloy na pagtatasa at pagpapahusay ng paghahatid ng serbisyo, ang mga datos at impormasyon tungkol sa paggamit ng mga serbisyo ng mga tao na may iba't ibang lahi ay patuloy na kokolektahin at ibibigaysa kinaauukulang kagawaran para sa polisa bilang sanggunian. |
| Mga Kardagang Hakbang na Ginawa Na / Gagawin Pa | • | Ang Kalihiman ng UGC ay nakapagsaayos na ng isang pagsasanay para sa mga kawani na naglilingkod sa mesang dulugan upang lalo pang mapalawig ang kanilang kaalaman tungkol sa, at ang kanilang pagka-maselan sa, pagkakapantay-pantay ng lahi, at patuloy itong gagawin. |

Para sa mga tanong kaugnay ng mga kasalukuyan at pinaplanong mga hakbang kaugnay ng pagsusulong ng pagkakapantay-pantay ng lahi, mangyaring makipag-ugnayan sa Senior Executive Officer (Administration), Mr. Edmund Chiu sa pamamagitan ng mga sumusunod na pamamaraan –

| | | |
|---|---|---|
| Numero ng Telepono | : | (852) 3959 0445 |
| Numero ng Fax | : | (852) 2845 1596 |
| Email | : | echiu@ugc.edu.hk |
| Adres sa Koreo | : | 7/F., Shui On Centre,<br>6-8 Harbour Road, Wanchai,<br>Hong Kong SAR |

**Kalihiman ng Komite para sa mga Gawad ng Pamantasan**
**(*University Grants Committee Secretariat*)**
**Mayo 2024**